# Ang Mga Luha Sa Simbahan

**Ni: Ronel Novela**

---

**Ting gising na. Bertdey mo na ngayon.** Bungad ko sa aking kapatid na may ngiting kasama. **Halika at bibilhin natin ang lahat ng gusto mo.** Dahang dahang bumangon si Ting sa pinaghihigaan nitong sako at ilang mga karton na mamasa-masa pa. Kagabi kasi'y umulan ng malakas at mga trapal lang ang ipinantabing ko sa munti naming lungga sa gilid ng kalsada sa Quiapo. Kanina lang ay bumili ako ng sabong bareta para pampaligo kay Ting. Hindi na ako nakabili ng shampoo dahil ubos na raw sabi ni Aleng Lena, kahit na may nag-iisa pa ring palmolive na nakasabit roon sa tindahan nila. Ayaw lang talaga akong pagbentahan kasi gagamitin na raw ito ni Bruno, anak niya na madalas akong laitin dahil sa kulay uling kong katawan at kantyawan dahil sa nanay kong sumama sa isang magtataho. Pagkatapos kong paliguan si Ting, binihisan ko naman ito ng pinakamagandang damit na naiwan samin n'ung nanalanta ang bagyong Karding. Pinatuyo ko ng maigi kagabi ang paborito nitong kapteyn barbel na damit at salawal na may mukha ni garfeyld na nakuha namin bilang tulong ni Mayor Gaspar Garapal sa mga nasalanta ng bagyo. **Ano bang gusto mong bilhin Ting ngayong Bertdey mo?** Tanong ko sa kaniya matapos kong bihisan ang aking kapatid. **Yung laruan kuya Toto na spayderman na umiilaw dun kanila Ka Kentoy.** Sagot ng aking kapatid na may matamlay na ngiti. **Sige, mamaya maya lamang ay nasa kamay mo na iyun. Maghintay ka lang Ting. Mabibili natin iyon**. Pangungumbinsi ko sa kapatid ko na may kaunting pagdududa sa kanyang isipan. **Pero wala tayong pera Kuya Toto.** Sagot ni Ting sa akin habang kikunukuha ko ang tsinelas ni Ting na magkaiba ang kulay, pula at itim na napulot ko noong isang araw sa likod ng simbahan. **Ako bahala Ting. Pangako, maibibigay ko sayo yun.** Sabi ko sa kanya ng may ngiti sa aking mga labi.

**Sampaguita ho kayo diyan!!! Kuya! Sampaguita po! Sampung piso lang kuya.. Bago lang po ito.** Pangungulit ko sa isang matandang lalaki na mukhang mamahalin ang kasuotan. Kinalabit ko ito. **Wag ka nga lumapit sa akin! Lumayo ka! Andumi-dumi mong bata! Wag mong idamay ang damit ko sa kadugyutan mo!** Pasigaw nitong sabi habang tinutulak ako papalayo. Pinagtinginan kami ng mga ilang tao na palabas pa lamang ng simbahan. Dahan-dahan akong tumayo at tumakbo papalayo sa matandang lalaki nang may hablutin itong tungkod sa kaniyang sasakyan. Nagtapos ang gabing iyon na hindi naubos ang paninda kong sampaguita, kailangan ko pa namang kumita ng pera dahil sa kamakalawa na ang kaarawan ng aking kapatid at hindi pa umaabot sa sengkwenta ang naipon kong pera. Ang naipagbili kong mga sampaguita ay mababawasan pa ng kalahati dahil kukunin ni Aleng Nandeng dahil siya ang may ari ng mga sampaguita na aking ipinagbibili. Pagdating ko sa aming maliit na bahay na pinagtagpi-tagpi lamang ng mga trapal, yero at karton nakita ko aming ama na madalang na umuwi sa amin. Palaging wala siya, minsan na kanila Andong namamalagi. Doon na natutulog at bihira na lamang umuwi. Kilala si Andong na tulak ng droga. Mangilang beses na rin itong labas-masok sa piitan at ngayong disyembre ay nakalaya na naman. Hindi ko nga maintindihan kung bakit di pa rin nagtatanda itong si Andong, maging ang ama ko ay nayaya niya bilang isa sa mga tagabenta ng mga bato nito.

**Nariyan ka na pala! Bakit wala man lang pagkain rito!** Sumbat nito ng makalapit ako sa trapal namin. Inulan ako ng mga sermon ngunit hindi ako nagsasalita. **Anak ng teteng naman! Wala ka bang benta ngayon? Maghapon kang nasa tapat ng simbahan para maglako ng sampaguita ni Nandeng! Pero wala ka pa ding nahandang pagkain! Pinaglololoko mo ba ako?** Pinagsisipa ako nito at binigyan ng ilang kamao sa mukha, tiyan at balikat. Maya maya pa'y hindi pa din nakuntento ang aking ama at pilit na kinuha ang perang naipon ko na nakalagay sa itim na medyas na nakatago sa mga damitan ni Ting.

**Wag ho tay! Wag niyo ho kunin iyan! Yan na lamang po ang naipon ko para sa bertdey ni Ting! Tay!!!** Pangungulit ko habang pilit na inaabot ko ang kanyang kanang

kamay na hawak hawak ang itim na medyas.

**Tumigil ka! Mamamatay din naman yan! Hayaan mo na yang batang yan! Pabigat lang yan sa buhay**!

Sinuntok muli ako nito at napaluhod sa sakit. Ilang saglit pa ay di ko na matanaw ang aming ama. Marahil nakalayo na papunta kanila Andong. Matapos ang ilang segundo na ako'y namahinga dahil sa sakit, tinungo ko ang aking kapatid na si Ting na nakahiga sa sako at ilang mga karton. Hindi ko napigilan ang pagpatak ng aking mga luha nang makita ko ang namumutlang si Ting. Nanghihina at nanginginig, buto't balat dahil sa walang makain. **Wag ka mag-alala Ting, darating din ang araw na maipapagamot kita. Kapit ka lang**. Bulong ko sa aking sarili habang pinagmamasdan ang kapatid ko na mahimbing na natutulog. Bata pa lang si Ting, sakitin na siya. Malimit siyang dalhin sa klinika dahil sa kasalatan sa pera. Kaya't nung may isang pagkakataon na ipatingin ito, sa tulong ng isang kaibigan ni Nanay na magtataho ay napag-alaman na may sakit si Ting sa puso. Hindi siya maaaring mapagod dahil kinakapos ito sa hangin, at hindi rin raw ito maaaring magbuhat dahil hindi kakayanin ng puso niya na anumang oras ay maaaring bumigay ang kanyang katawan. Kaya magmula noon, palagi na lamang nakahiga si Ting. Ang aming itay naman ay binugbog si inay ng malaman nitong nangutang sya kay Tonyo na isang magtataho. Bintang pa nito na may relasyon ang dalawa sa isa't-isa kaya naman inulan din ng sapak,tadyak at sampal si inay. Walang nagawa si Inay sa pambubogbog na ginagawa sa kanya, kaya naman nung magkaroon siya ng pagkakataon na tumakas habang nasa kanila Andong si Tatay, kaagad siyang nagligpit ng mga ilang damit at saka sumama na ng tuluyan kay Tonyo at nagpakalayo-layo na sila.

**Aleng Nandeng, baka pwede naman ho dagdagan niyo pa yung kinukuha kong sampaguita sa inyo. Kailangan ko po kasi ng pera para sa bertdey ng kapatid ko bukas.** Pangungulit ko sa kaniya habang nagtatali siya ng sampaguita.

**Anak ng! Makikiusap ka pa! Ni hindi mo nga maubos ibenta ang mga binibigay ko sayo manghihingi ka pa! Nalulugi na ako Toto, kaya wag mo ng ipagpilitan pa!!**

**Sige na ho! Aleng Nandeng, kahit ngayon lang po. Pangako po na ibebenta ko lahat iyan bago matapos ang gabing ito.** Sambit ko sa kaniya habang binibilang ko ang mga sampaguita na naibigay sa akin. **Oh sige! Dadagdagan ko pa ng sampung piraso iyan! Pag di mo naubos iyan, hindi kana makakakuha pa sa akin ng mga sampaguita kahit kailan**!

Dali-dali akong nagtungo sa tapat ng simbahan, madami-dami na rin ang mga tao at wala pa ang mga kakumpetensiya ko sa pagbebenta ng mga Sampaguita kaya naman nagmamadali ako na maipagbili ang lahat ng sampaguita. Pagdating ng hapon, may labinlima pa rin akong sampaguita. Umuwi muna ako sa aming maliit na trapal at binigyan ng makakain si Ting at pagkabalik ko sa tapat ng simbahan, naroroon na ang ilan sa mga batang kalye na nagbebenta ng mga sampaguita. Tiyak na mahihirapan na akong maipagbili ang lahat ng ito. Kaya naman nagtungo ako sa tarangkahan mismo ng simbahan at doon ay nag-aalok ako ng mga sampaguita. Pagpatak ng ala-sais ay may natira pa ring mga sampaguita kaya naglibot-libot ako upang muling itong ipagbili. Nang makaraan ako sa tapat ng isang mamihan ay nakarinig ako ng isang usapan. **Pano ba yan? Kulang pa tayo ng ilang mga kabataan para ipagbili kay Mr. Cheng Lao. Mayayari tayo nito bukas pag wala pa din tayong nakuha.** Kinabahan ako ng marinig ko ang mga katagang iyon kaya naman, nagmamadali akong maglakad papalayo sa dalawang kalalakihang iyon. Bumalik ulit ako sa simbahan pero kakaunti na lamang ang tao at hindi ko na naipagbili ang lahat ng sampaguita. Alas-otso ng gabi ng magtungo ako kanila Aleng Nandenga at alam kong maghihimutok na naman ito sa galit dahil sa pangakong hindi ko natupad. Habang naglalakad ako papunta kanila Aleng Nandeng, may humawak sa balikat ko. Yung dalawang lalaki na nakita ko kani-nina lang sa mamihan malapit sa simbahan.

**Kuya! Maawa na aho kayo! Wag po!....** Pagmamakaawa ko sa dalawa ng higpitan pa nito ang hawak sa mga balikat ko.

**Huwag ka mag-aalala. Wala kaming gagawaping masama sayo. Ilang taon kana ba?** Pangungusisa ng dalawang lalaki.

**Labing-dalawang taong gulang na ho**... Sagot ko habang nanginginig ang boses na lumalabas sa aking bibig.

**Pwede na 'to Ben. Bata pa! Tiyak na matutuwa si Mr. Cheng pag nalaman niyang makukumpleto natin ang bilang ng mga bata ngayon**.

**Wag ho kuya. Maawa na po kayo.**

**Wag ka mag-alala, tutulungan ka namin. Sumama ka lang samin.**

**Pero hindi po maaari, may kapatid po akong maiiwan sa amin. Pakawalan niyo na po ako.**

**Ilang taon kapatid mo?** Pangungusisa ulit ng isa.

**Nasa pitong taong gulang po.**

**Ay! Jackpot tayo dito pre! May dagdag pang isa. Oo nga! Tiyak doble doble ang tuwa ni Mr. Cheng sa ibabalita natin**.

**Pero may sakit po ang kapatid ko. Huwag niyo na ho siyang idamay pa. Pakiusap po.** Habang nangingilid ang mga luha ko sa takot at sa maaaring kahinatnan ng aking nakababatang kapatid na si Ting.

**Wag ka mag-alala, tutulungan siya ni Mr. Cheng. Basta sumama lang kayo samin. Ipapagamot siya ni Mr. Cheng at hindi lang iyon, tiyak pang gaganda ang buhay niyo dahil ipapadala niya kayo sa ibang bansa.**

**Talaga ho ba?!** May kaunting saya na namuo sa munti kong puso. Nananabik na magkaroon muli ng pagkakataon na magamot si Ting at manumbalik ang dati nitong lakas.

**Sige. Babalikan ka namin bukas sa tapat ng simbahan, dalhin mo ang kapatid mo at bibilhin na namin lahat ng sampaguitang dala mo.**

**Maraming salamat ho**.!!! Pasigaw kong sambit nang pakyawin nito ang natitirang sampaguita.

Nagmamadali akong nagtungo kanila Aleng Nandeng at buong pagmamalaking inabot sa kanya ang perang nakuha ko galing sa mga sampaguitang naipagbili ko. **Aba! Magaling at naubos mong itinda ang mga sampaguita. Sa susunod dadagdagan ko pa ang mga sampaguita mo.** Dagdag pa ni Aleng Nandeng nang iabot ko sa kanya ang pera. Pagkauwi ko, may bitbit akong pansit at masaya naming pinagsaluhan ng aking kapatid na nabili ko sa tulay kanila Aleng Bebang. **Ting, maaga tayo gigising bukas ah. May pupuntahan tayo kasi bertdey mo. Bibilhin natin ang lahat ng gusto mo.** Sabi ko sa kanya habang sinusubuan ko siya ng pansit. **Talaga kuya Toto??!..** Pagtatanong nito. **Oo Ting.** Hindi ko na binanggit si Mr. Cheng na tutulong sa amin para ipagamot siya, gusto ko kasi isorpresa siya bukas.

Nang nasa tapat na kami ng tindahan nila Ka Kentoy, buhat-buhat ko sa aking likuran si Ting at itinuturo na nya ang spayderman na nais niyang laruan. Agad ko rin naman itong binili at inabot sa kanya ang laruan. Sa kabila ng paghihina at pamumutla nito, nakikita ko sa kanyang dalawang mga mata ang sayang nadarama. May tuwa rin kong nadama dahil ngayon ko na lamang ulit nakita ang kasiyahan sa mukha ni Ting. Pagkatapos n'un ay nagtungo kami sa simbahan. May nakita kaming mga pagkain at itinuro niya ang gusto niyang pagkain, ang prayd tseken na matagal na ring di niya natitikman. Bumili kami ng

dalawa at lahat ng iyon ay ibinigay ko kay Ting. Masayang-masaya na ako na makitang masaya ang aking kapatid na si Ting. **Salamat Kuya Toto.** Sambit nito nang makarating kami sa simbahan na may ngiti sa kanyang mga labi. Malaking ngiti lamang ang isinukli ko kay Ting. Nang tumunog na ang kampana, nagpasiya ako na pumasok kasama si Ting at magdasal. Sa loob ng simbahan, habang nagbabahagi ng mabuting balita ang isang pare, taimtim akong nagdarasal sa panginoon at nagpapasalamat sa lahat ng biyayang ipinagkaloob sa amin dahil ilang segundo lang mula ngayon ay maipapagamot ko na si Ting. Tinapos namin ang buong misa, habang binabagtas ko ang daan patungo sa labas ng simbahan...pagtuntong ko sa hagdan pababa ng simbahan, kasabay naman nito ang pagkahulog ng laruang spayderman ni Ting. Pinulot ko iyon, nilinis at inabot kay Ting. **Hawakan mo ng mahigpit ang laruan mo Ting, baka hablutin sayo yan ng ibang bata.** Sabi ko habang inaabot ko sa kanya ang laruan, ngunit walang kibo si Ting. Nagtungo ako sa gilid ng simbahan at ibinaba doon si Ting. **Ting..Ting....ito yung laruan mo oh.. Nilinis ko na rin ito**. Pangungulit ko kay Ting pero walang siyang imik... **Ting gising...** Habang tinatapik ko siya sa kanyang mga balikat. Ngunit wala pa rin akong nakukuhang sagot.

Kasabay ng ikalawang pagtunog ng kampana ng simbahan, hudyat ng panibagong misa ay ang pagpatak ng aking mga luha. **Tingg....gumising ka... Ting....Maipapagamot na kita maya-maya lang. Kumapit ka lang Ting.. Ting, 'wag kang bibitaw... Tingggg......!!!!!** Ngunit huli na. Wala na siya. Umagos ang luha ko habang niyayakap si Ting sa gilid ng simbahan. Pinagtitingan kami ng mga tao, ngunit walang naglakas ng loob na lumapit. Mga ilang minuto pa'y may dalawang lalaki na lumitaw sa aking harapan. Ang dalawang lalaki kagabi na kausap ko.

**Siya na ba ang kapatid mo?** Pagtatanong ni Ben.

**Oho, pero wala na po siya.....** Paluha kong sabi.

**Ay sus maryusep! Dali-dali, baka pwede pa yan. Sumama ka sa amin. Baka magawan pa ng paraan yan ni Mr. Cheng.** Agad kaming naglad ng mabilis, tumakbo habang hinahabol ko ang aking hininga at hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng aking mga paa kasama ang dalawang lalaking ito.

**Mr. Cheng!! Ito na ho yung mga karagdagang bata.**